PRAYER

- Manalangin na ang bawat isa sa inyong grupo ay lumago bilang mga totoong disipulo ni Jesus sa pagpapailalim ninyo sa Kanya bilang inyong Panginoon, sa pagbabahagi ninyo ang inyong buhay sa kapwa mananampalataya, at sa pangingisda ng tao.

- Ipagdasal ang mga pangangailangan ng bawat isa.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

www.victory.org.ph

Maging Isa

Week 1

NOTES

CONNECT

- Noong bata ka pa, sino ang tinitingala mo? Sa tingin mo, bakit mo pinahahalagahan ang kanyang opinyon?
- Sinu-sino ang mga madalas mong kasama dati sa eskwelahan? Papaano ka nila naimpluwensiyahan sa iyong pag-aaral?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[19]. . .“Sumama kayo sa Akin at gagawin Ko kayong mangingisda ng mga tao.” [20]Iniwan nila kaagad ang kanilang mga lambat at sumama sa Kanya.

Mateo 4:19,20

Nang hiniling ni Jesus na sundin Siya ng Kanyang mga disipulo, inanyayahan Niya silang bumuo ng tatlong klaseng relasyon: ugnayan sa Diyos, sa kapwa mananampalataya, at sa mundo o sa mga hindi pa nakakakilala sa Diyos. Ngayon, hinihikayat pa rin tayo ni Jesus na sumunod sa Kanya sa ganitong paraan. Heto ang tatlong bagay na hinihikayat ni Jesus na gawin natin.

- **Sundin si Jesus**
  [23]At sinabi Niya sa kanilang lahat, “Ang nag-iibig na sumunod sa Akin ay kailangang tumanggi sa kanyang sarili at magpasan ng kanyang krus araw-araw, at saka sumunod sa Akin. [24]Ang mawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makapagliligtas niyaon, subalit ang magsikap na mag-ingat ng kanyang buhay ay mawawalan niyaon.

  Lucas 9:23,24

  Nagsisimula ang ating ugnayan sa Diyos sa pagtanggap natin sa kaligtasan na binili ni Jesus para sa atin. Pinapatuloy natin ito sa paghahayag na Siya ang ating Panginoon, sa pagtiwala natin na Siya ay mabuti at mapagkakatiwalaan (Juan 8:31). Ano ang ibig sabihin ng pagtawag natin kay Jesus bilang ating Panginoon (Lucas 9:23,24)?

  _____

  _____

- **Makisama sa Kapwa Nananampalataya**
  Huwag nating pababayaan ang ating pagtitipon, na gaya ng ginagawa ng iba, kundi patuloy tayong magpaalalahanan—lalo na ngayong nalalapit na ang Araw ng Panginoon.

  Hebreo 10:25

  Tulad ng mga Kristiyano sa Libro ng Mga Gawa na naging masigasig sa pag-aral sa Kanyang Salita, sa panalangin, at sa pagtitipon-tipon (Mga Gawa 2:42), ang mga sumusunod kay Kristo ay dapat lamang na makisama o makibahagi ng kani-kanilang mga buhay sa pamamagitan ng pagtanggap sa espirituwal na pamilya. Anong kabutihan ang sa tingin mo’y nadudulot ng pagsasama sa mga kapwa nananampalataya sa isang tagasunod ni Kristo (Hebreo 10:25)?

  _____

  _____

  _____

- **Mangisda ng mga Tao**
  At sinabi Niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha.”

  Marcos 16:15

  Bago siya umakyat sa langit, kinumisyon muna Niya ang Kanyang mga disipulo na ibahagi ang ebanghelyo sa buong mundo (Marcos 16:15). Iniutos din Niya ito sa Mateo 28:19,20 at sinabihan ang lahat ng sumusunod sa Kanya na ibahagi ang Kanyang mensahe sa lahat ng bansa. Sa tingin mo, gaano kahalaga kay Jesus ang pagdidisipulo?

  _____

  _____

  _____

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- Anu-anong mga bagay sa buhay mo ang pumipigil sayo sa lubos na pagtanggap kay Jesus bilang Panginoon?
- Kumusta ang ugnayan mo sa ibang mananampalataya? Ano ang mga maaaring hadlang sa pakikipag-ugnayan mo sa kanila?
- Ano ang nararamdaman mo para sa taong nagbahagi sayo o sa mahal mo sa buhay ng ebanghelyo?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Anu-anong mga pasya ang maaari mong gawin upang tuluyang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon (Roma 10:9-11,13)?
- Ilista ang mga maaari mong gawin ngayong linggo upang lalo pang makapag-ugnayan sa mga kapwa mo mananampalataya sa iyong espirituwal na pamilya (Hebreo 10:24,25).
- Sinu-sino sa iyong mga kaibigan o kamag-anak ang kailangan pang makarinig ng ebanghelyo? Papaano mo ibabahagi ang Diyos sa kanila ngayong linggo?